

Kahandaan ng mga Propesor sa Filipino sa Pagtuturò ng mga Asignatura sa Bágong Kurikulum ng Pangkalahatang Edukasyon: Batayang Pag-aaral Tungo sa Pagpaplanong Wika ng mga SUC III

Readiness of Filipino Professors in Teaching Subjects in the New General Education Curriculum: Basis for Language Planning of the SUC'S III

RAFFY AGANON

raaffyaganon@gmail.com
Tarlac State University

ABSTRAK

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na maláman ang mga pagpaplanong wika ng mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo (SUC) ng Rehiyon III batay sa isinagawang pagsusuri ukol sa kahandaan ng mga propesor ng Filipino sa pagtuturò ng mga asignatura sa bágong kurikulum ng pangkalahatang edukasyon. Gumamit ng kuwalitatibo at kuwantitatibong paraan ng pananaliksik kung saan ang mga datos na nakalap ang dumaan sa masikhay na pag-aaral, paghihimay sa bawat bahagi at pagsusuri sa kabuoan. Sa pag-aaral na ito, napag-alaman ang mga planong pangwika ng bawat SUC ng Rehiyon III na makatutulong sa mga propesor ng Filipino na lubos na naapektuhan ng pagpapatupad sa isang memorandum mula sa CHED ukol sa pagbabâ ng mga asignaturang Filipino sa programang K to 12 ng DepEd. Ang pagpaplanong pangwika na nabuo mula sa ginawang pag-aaral ay nakasentro sa pitóng komponent gaya ng sumusunod: kaguruan, kurikulum, instruksiyon, pananaliksik, ekstensiyon, produksiyon at ko-kurikular na gawain. Gayunman, ang mga naturang plano ay nararapat lámang na maisakatuparan ng bawat SUC upang mapanatili at mapaunlad pang lalo ang wikang Filipino sa larangan ng akademya.

Mga susing salita: Pangkalahatang edukasyon, pagpaplanong wika, kahandaan, pananaliksik, ekstensiyon

ABSTRACT

The main purpose of this study is to identify the plans of the State Universities and Colleges in Region III on language planning based on the study conducted on the readiness of Filipino Professors in teaching subjects under the new General Education Curriculum. Qualitative and Quantitative methods of research were used, and the data gathered were analyzed towards the development of language plans. Through this study, it was then found out that language planning could help Filipino Professors in every SUC in Region III that were greatly affected by the CHED Memorandum that mandated Filipino subjects to be taught at K-12 programs of the Department of Education. The language planning that has made based on the study were centered on seven components: faculty, curriculum, instruction, research, extension, production and co-curricular activities. Therefore, these plans should be fulfilled in every SUC in Region III to maintain and further enrich the Filipino language in the academe.

Keywords: General education, language planning, readiness, research, extension



PANIMULA

Ang pagkakaroon ng isang wikang pambansa ay nagpapakita lámang ng yaman ng Pilipinas sa iba't ibang wika na siyang nagdidikta ng pangangailangan ng isang wikang magbubuklod sa mga mamamayang Pilipino. Nakasaad sa konstitusyon ng Pilipinas ang batas ukol sa paggamit ng wikang Filipino sa lahat ng antas ng edukasyon. Kaakibat nito ang halaga ng paggamit ng Filipino bilang epektibong salik ng pagkatuto. Mapapansin na sa artikulo XIV, seksyon 6 ng 1987 Konstitusyon, tiniyak ang wikang panturò:

“Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinating, ito ay payabungin at pagyamanin pa sa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at sa iba pang wika. Alinsunod sa mga tadhana at sang-ayon sa ararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magasagawa ng hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusing itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturò sa sistemang pang-edukasyon (Art. XIV, Sek.6 ng Saligang Batas 1987)

Subalit sa inilabas ng Commission on Higher Education (CHED) na Memorandum No 20 Series of 2013 noong Hunyo 28, 2013 na may titulong “General Education Curriculum: Holistic Understanding, Intellectual and Civic Competencies,” tumataliwas ito sa isinasaad ng naturang Saligang Batas. Ang nasabing CHED Memo ay nagsasaad ng pagtanggap

ng asignaturang Filipino sa kurikulum na ipinapatupad sa kolehiyo at ang di paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturò sa kolehiyo. Sa madaling salita, hindi na ituturo ang asignaturang Filipino sa kolehiyo, at idadagdag na lámang ito sa kurikulum ng programang K to 12 ng DepED. Kapansin-pansing binura sa kolehiyo ang asignaturang Filipino sa pamamagitan ng CMO No 20 S. 2013 gaya ng nasa pigurang ito na nagpapakita ng mga asignatura sa bágong kurikulum ng pangkalahatang edukasyon. Matutunghayan ding wala na ni isang asignatura ang ituturò sa Filipino gaya ng isinasaad sa nasabing batas na “*puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino ay wikang pagtuturò sa sistemang pang-edukasyon.*”. Paano mapauunlad, mapalalaganap, at mapananatili ang wikang pambansang Filipino kung hindi na ito magagamit na wikang panturò sa kolehiyo?

Uri	Kurso
Core <ul style="list-style-type: none"> • 8 courses • 3 units each • 24 units total 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Understanding the Self 2. Readings in Philippine History 3. The Contemporary World 4. Mathematics in the Modern World 5. Purposive Communication 6. Art Appreciation 7. Science, Technology and Society 8. Ethics
Electives <ul style="list-style-type: none"> • 3 courses • 9 units total 	Choices on: <ol style="list-style-type: none"> 1. Arts and Humanities 2. Social Sciences & Philosophy 3. Mathematics Science and Technology
Mandated	Life & Works of Rizal (3 units)

Figura 1: Mga Bágong Asignatura Batay sa CHED Memo № 20 S. 2013

Nabanggit man sa *CMO № 20, Series of 2013* na “*The general education courses maybe taught in English or Filipino*”, ang probisyon sa opsiyonal na paggamit ng Filipino bílang wikang panturò ay lalong lumalabnaw at nawawalang saysay. Ang walong (8) core courses ay maaari daw iturò sa Filipino gaya ng paliwanag ng CHED kayâ naman tinumbasan ito ng titulo sa Filipino: (1) *Understanding the Self*/Pag-unawa sa sarili; (2) *Readings in Philippines History*/ Mga Babasahin hinggil sa Kasaysayan ng Pilipinas; (3) *The Contemporary World*/ Ang Kasalukuyang Daigdig; (4) *Mathematics in the Modern World*/ Matematika sa Makabagong Daigdig; (5) *Purposive Communication*/ Malayuning Komunikasyon; (6) *Art Appreciation*/ Pagpapahalaga sa Sining; (7) *Science, Technology and Society*/ Agham, Teknolohiya at Lipunan; at (8) *Ethics*/ Etika. Ngunit ang malaking tanong ay kung sapat ba ang paliwanag na ito upang ang mga propesor ng Filipino ay bigla na lang lumihis sa dati niláng itinurò? At ano ang magiging kalagayan ng mga guro ng Filipino kapag tuluyan na itong maipatupad?

May mga pag-aaral at pagsasaliksik ukol sa kalagayan ng Filipino sa iba’t ibang institusyon, mga suliraning pangwikang kinakaharap ng mga paaralan, at maging mga pagpaplanong wika (Almario, Ganotice 2015; Manzano 2012; Bulan, Baquiran, Constantino, Liwanag, Luis, Montera, Tarun 2010) upang makabuo ng mga solusyon at

makagawa ng mga iba’t ibang pamamaraan para matugunan ang mga suliraning ito. Kung kayâ ninais ng mananaliksik na ituan ang pansin sa mga planong pangwika ng mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo (SUC) ng Rehiyon III sa magiging lagay ng Filipino at ng mga kaguruan ng Filipino na apektado sa implementasyon ng CHED Memorandum №20 S 2013. Kasáma rin dito ang (1) pag-alam sa personal na kakanyahan ng mga kalahok; (2) ang kaniláng kahandaan sa pagtuturò ng mga asignatura sa bágong kurikulum ng pangkalahatang edukasyon; at (3) ang mga hámong kaniláng kahaharapin sa pagtuturò ng mga bágong asignatura.

PAGPAPLANONG WIKA

Patuloy na itutulak ng CHED ang pagtanggap ng asignaturang Filipino sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon sa kolehiyo. Ang pagbura sa Filipino sa kolehiyo ay hakbang paorong sapagkat babawasan nito ang oportunidad para sa intelektuwalisasyon ng wika. Kung seryoso ang gobyerno sa pagtataguyod sa paggamit ng Filipino bílang wikang panturò, kinakailangang pataasin pa ang kasanayan ng mga estudyante sa intelektuwal na paggamit nito, kayâ kailangan talagang magkaroon pa rin ng asignaturang Filipino sa kolehiyo. Ang pagpapatupad ng CHED Memorandum na ito ay naging isang napakalaking isyu sa ating bansa partikular sa mga kaguruan

ng Filipino sa mga unibersidad at kolehiyo na kinakailangang mabigyan ng kalutasan. At sa pamamagitan ng magandang planong pangwika ay mabibigyan ito nang maayos at mabisang solusyon. Ang **pagpaplanong pangwika** (Almario, 74) ay dapat nakasandig sa malinaw at organisadong saliksik at sinusubaybayan ang implementasyon ng isang pangmatagalan at mapanuring saliksik. Ibig sabihin, bago magplano ay kailangan ng kaalaman ang magpaplano mula sa mga saliksik at talakayang naganap ukol sa wika at kultura. Ibatay ang plano mula sa mga totoong impormasyon at pagsusuri, at hindi sa mga haka-haka lámang. Kailangan din ang mahusay na konsultasyon at malayang talakayan. Pagkatapos mabuo ang plano, bawat hakbang na gagawin ay batay sa wastong saliksik upang makapagsagawa agad ng pagbabago at higit pang mapatatag ang mga proyekto tungo sa pagtatagumpay ng planong pangwika.

Ang pagpaplanong pangwika ay isang pagtatangkang maimpluwensiyahan ang gamit ng wika nang mas mabilis, mas sistematiko, at mas malawak. Tumutukoy sa *decision-making* tungkol sa wika at ito ay nangangahulugan ng tuwirang pagbabago ng wika o *deliberate language change*. Kinabibilangan ito ng pagbuo ng patakaran, kodipikasyon, elaborasyon, at implementasyon (Fishman, 80)

Sa aklat ni Zafra (24), ayon sa mga sosyolingguwistikang sina Fishman, Alisjahbana, Rubin, at Jernudd, at Haugen, ang pagpaplanong wika ay isang organisadong pagdedesiyon tungkol sa wika. Maaaring solusyon ito sa problema o kaya'y pagbabago sa estruktura at elemento nito upang magabayan ang development nito sa konteksto ng pagbabagong panlipunan, pangkultura, at panteknolohiya. Karaniwang ginagawa ito ng mga akademisyan at komiteng pangwika. Dahil dito, ang mga gawaing kaugnay ng intelektwalisasyon, modernisasyon, estandardisasyon, seleksiyon, elaborasyon, at kultibasyon na mga dimensyon at sub-dimensyon ng pagpaplanong pangwika na pinag-uusapan sa mga forum, seminar, at kumperensiya ay mahalaga sa larangang ito.

Malaking tulong ang pag-aaral ni Cooper (65) ukol sa pagpaplanong pangwika at estandardisasyon. Tinukoy niya na may tatlong pangunahing uri sa pagpaplano ng wika; (1) ang *status planning*, ito ang pagkilala ng pamahalaan sa kahalagahan o posisyon ng isang wika sa iba pang wikang ginagamit,

gayundin sa alokasyon ng wika at ang itinakdang silbi nito; (2) ang *corpus planning* na tumutukoy sa pormulasyon ng mga reporma sa ispelang, paglikha ng mga salita at pagbuo ng makabagong uri ng pagsulat; at (3) ang *acquisition planning* na nakapokus sa pagtuturò at pagkatuto ng iba't ibang wika. Dagdag pa rito ang artikulo ni Earl (2010) na nailathala sa isang jurnal na naglalahad na maraming guro ang bumubuo ng mga imahen o senaryo sa proseso ng kaniláng kabuoang plano sa pagtuturò at ito ay nasa isipan nila. Gumagawa sila ng paglalarawan sa kaniláng isip o diwa kung ano ang maaaring anyo ng leksiyon at paano ito epektibong mailalahad sa klase. Samakatwid, higit na nagaganap ang pagpaplanong pampagtuturò sa isipan kaysa sa papel para sa maraming guro. Ang epektibong guro ay iyong nagagawang maihatid sa mga mag-aaral ang mga inaasahang bunga ng pagkatuto.

Layunin ng pagpaplanong wikang lutasin ang mga problemang pangwika mula sa mga mungkahing solusyon at manipulasyon. Nakapokus lámang ang pagpaplanong pangwika sa mga gawain ng mga SUC (*kaguruan, kurikulum, instruksiyon, pananaliksik, ekstensiyon, produksiyon, at ko-kurikular*) kung saan mula sa mga gawaing ito ay bubuo ng mga programa at mula sa mga programang ito ay bubuo naman ng mga proyekto. Maituturing na malaking tulong ang kalalabasan ng pag-aaral na ito upang matukoy ang mga pagpaplanong wika, programa, at proyekto ng mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo ng Rehiyon III sa kalagayan ng Filipino hindi lámang bílang isang asignatura kundi bílang wika ng edukasyon, sa kabila ng banta ng CHED Memorandum 20, s. 2013. Kasabay sa layunin na maláman ang pagpaplanong wika ng mga SUC III sa wikang Filipino, matutukoy rin ang mga epektong dulot nito sa mga propesor na apektado ng implementasyon nito sa antas tersiyaryo. Makabuluhan ang pananaliksik na ito at malaking tulong hindi lámang sa mananaliksik kundi sa lahat ng mga propesor na nagtataguyod sa halaga ng wikang Filipino hindi lámang bílang wikang pambansa ng Pilipinas, kundi bílang wika ng pagtuturò at pagkatuto.

DISENYO AT METODOLOHIYA

Ang **deskriptibong paraan** ng pananaliksik ang ginamit sa pag-aaral na ito. Isa itong paglalahad ng katotohanan na siyang magiging basehan ng pagpapasiya (Calmorin, 1994). Isa ring paraan ng paglalahad at pagpapakahulugan ng mga datos na nakalap kung saan tutukuyin ang kalagayan at kaugnayan ng mga pangyayari at maging ang kahinaan o kalakasan ng isang programa. Ito ay kombinasyon ng kuwalitatibo o kuwantitatibong pag-aaral na dumaaan sa masikhay na pag-aaral, paghihimay sa bawat bahagi at pagsusuri sa kabuoan. Binigyang katuturan ang lahat ng datos na natipon mula sa mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo (SUC) sa Rehiyon III, mula sa hámong kinakaharap ng mga propesor hanggang sa mga planong pangwika ng kani-kanilang administrador.

MGA KALAHOK

Mula sa labindalawang (12) pang-estadong unibersidad at kolehiyo (SUC) ng Rehiyon III ang pinanggalingan ng mga kalahok sa pag-aaral na ito. *Purposive sampling* ang ginamit sa pagkuha ng kalahok. Lahat ng mga propesor ng Filipino na kasalukuyang nagtuturo, mga may *plantilla item*, mga *contractual*, at *part-timer* ay kabilang sa mga naging kalahok.

Talahanayan 1

Bilang ng mga Kalahok at ang kanilang Ranggong Pang-akademiko mula sa mga Pang-estadong Unibersidad at Kolehiyo sa Rehiyon III

Unibersidad/Kolehiyo	Bilang ng mga Kalahok	May Plantilla item	Contractual	Part-timer
Aurora State College of Technology (ASCOT)	6	2	4	
Bulacan Agricultural State College (BASC)	8	4	3	1
Bataan Peninsula State University (BPSU)	9	6	2	1
Bulacan State University (BulSU)	14	7	3	4
Central Luzon State University (CLSU)	11	6	3	2
Don Honorio Ventura Technological State University (DHVTSU)	8	4	3	1
Nueva Ecija University of Science and Technology (NEUST)	12	7	2	3
Philippine Merchant Marine Academy (PMMA)	4	2	2	
Pampanga State Agricultural University (PSAU)	10	7	1	2
Ramon Magsaysay Technological University (RMTU)	11	6	3	2
Tarlac College of Agriculture (TCA)	9	5	2	2
Tarlac State University (TSU)	13	6	3	4
		62	31	22
Kabuoan	115		115	

MGA INSTRUMENTO

Umamit ng dalawang paraan sa pangangalap ng datos ang mananaliksik, talatanungan, at panayam. Dalawang magkaibang talatanungan ang ginamit, isa para sa mga guro sa Filipino na binubuo ng tatlong na bahagi: (1) ang personal na kakanyahan ng mga kalahok, (2) ang kahandaan ng mga propesor sa pagtuturo, (3) ang mga hámong kakaharapin ng mga propesor at isa para sa mga pangulo ng mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo na naglalaman ng mga tanong

ukol sa mga pagpaplanong wika upang mapanatili at mapaunlad ang wikang Filipino na isinagawa sa pamamagitan ng panayam. Matutunghayan sa ibabâ ang dalawang talatanungang ginamit sa pag-aaral na ito.

1. Talatanungan para sa mga Propesor ng Filipino

I. Personal na Datos

Pangalan: _____ Kasarian: _____

Katayuang Sibil: _____ Edad: _____

Tirahan: _____

Edukasyon:

Antas	Paaralan	Kurso	Taon ng Pagtatapos
Gradwado			
Kolehiyo			
Sekondarya			
Elementarya			

Katayuan sa pagtuturò: _____ Permanente _____ Temporaryo _____ Substitute
 _____ Kontraktual _____ Part-timer

Ranggong Pang-akademiko: _____

Taon/tagal na sa pagtuturò: _____

Mga Asignaturang Itinuturo: _____

II. Kahandaan ng mga Propesor

Panuto: Lagyan ng tsek ang kolum na nagpapakita ng inyong kahandaan sa pagtuturò ng mga bagong asignatura sa pangkalahatang edukasyon na siyang nilalaman ng CHED Memorandum 20, s. 2013. Gamitin ang panukatan na nasa ibaba sa pagmamarka.

Iskor	Deskripsyong Berbal
5	Handang-handa
4	Handa
3	Bahagyang handa
2	Di-handa
1	Di lubos na handa

Mga Bagong Asignatura sa GEC	5	4	3	2	1
1. Pagtuturò ng <i>Pag-unawa sa Sarili /Understanding the Self</i>					
2. Pagtuturò ng <i>Mga Babasahin hinggil sa Kasaysayan ng Pilipinas /Readings in Philippine History</i>					

3. Pagtuturò ng <i>Ang Kasalukuyang Daigdig/ The Contemporary World</i>					
4. Pagtuturò ng <i>Mathematics in the Modern World/ Matematika sa Makabagong Daigdig</i>					
5. Pagtuturò ng <i>Purposive Communication/ Malayuning Komunikasyon</i>					
6. Pagtuturò ng <i>Art Appreciation/ Pagpapahalaga sa Sining</i>					
7. Pagtuturò ng <i>Science, Technology and Society/ Agham, Teknolohiya at Lipunan</i>					
8. Pagtuturò ng <i>Ethics/ Etika</i>					

III. Suliraning Kakaharapin ng mga Propesor

Panuto: Lagyan ng tsek ang mga aytem ng mga suliraning kakaharapin sa pagtuturò ng mga asignatura sa bagong pangkalahatang edukasyon. Gamitin ang panukatan na nasa ibaba sa pagmamarka.

Iskor	Deskripsyong Berbal
5	Lubos na sumasang-ayon
4	Sumasang-ayon
3	Bahagyang sumasang-ayon
2	Hindi sumasang-ayon
1	Lubos na di-sumasang-ayon

Mga Suliranin	5	4	3	2	1
1. Pagbuo ng mga bagong silabus para sa mga bagong asignatura					
2. Kakulangan sa mga aklat na gagamitin sa pagtuturò ng mga bagong asignatura.					
3. Panibagong pag-aaral ang kakailanganin sapagkat di angkop ang natapos na espesyalisasyon.					
4. Panibagong pakikisama sa mga guro sa departamentong lilipatan.					
5. Maaaring mawalan ng gana sa pagtuturò bunga ng panibagong paghahanda.					
6. Mahihirapang ituro ang mga bagong asignatura dahil sa walang kahandaan.					
7. Hindi na papayagan na dumalo sa mga pambansang seminar-workshop ukol sa Filipino.					
8. Kakulangan ng kaalaman sa mga estratehiya at teknik na gagamitin sa pagtuturò ng mga bagong asignatura.					
9. Kakulangan ng mga kagamitang pampagtuturò na magagamit sa pagtuturò ng mga bagong asignatura.					
10. May kahirapan sa pagsulat ng mga riserts na may kinalaman sa mga bagong asignatura.					

2. Panayam para sa Pangulo ng Pamantasan

Kaguruan

1. Ano po ang inyong plano sa mga guro na lubos na apektado sa implementasyon ng CHED Memorandum 20, s. 2013

- a. Permanente
- b. Kontraktwal/ part-timer

2. Papayagan n'yo po ba ang mga propesor na dumalo sa mga seminar-workshop, lokal, rehiyonal, nasyonal o internasyonal, ukol sa Filipino? _____ Oo _____ Hindi Bakit?

Kurikulum

3. Ano po ang inyong saloobin sa kautusan ng CHED sa pagtanggap ng asignaturang Filipino sa kolehiyo?

4. Mayroon po bang kurso sa pamantasan na BSE Filipino o kaya'y AB Filipino?
_____ Oo _____ Wala

5. Kung wala, may balak po ba ang inyong pamantasan na magbukas ng kursong BSE Filipino o kaya'y AB Filipino? _____ Oo _____ Wala Bakit?

6. Ano po ang inyong opinyon sa panukala ng CHED na maaaring ituro sa Filipino at Ingles ang mga asignatura sa bagong pangkalahatang edukasyon?

7. Ipag-uutos n'yo po ba ang paggawa ng silabus na nasusulat sa Filipino para sa mga bagong asignatura ng GEC? _____ Oo _____ Hindi Bakit?

Instruksyon

8. Pabor po ba kayo na ituro sa Filipino ang mga core courses sa bagong GEC?
_____ Oo _____ Hindi Bakit?

9. Sang-ayon po ba kayo na magturo ng core courses (*bagong asignatura*) ang mga propesor ng Filipino na apektado ng nasabing CHED Memorandum? _____ Oo _____ Hindi Bakit?

10. Bilang pangulo po ng pamantasan, sa pagitan po ng Ingles at Filipino, ano po sa palagay ninyo ang dapat na maging wikang panturo sa mga core courses sa bagong GEC? _____ Ingles _____ Filipino Bakit?

Riserts

11. Ngayon po na nalalapit nang ipatupad ang naturang CHED Memorandum, papayagan n'yo pa pa rin po ba na magsagawa ng mga riserts ang mga propesor gamit ang wikang Filipino bilang midyum sa pagsulat? _____ Oo _____ Hindi Bakit?

12. An-ano pong paksa ang inyong mas bibigyan prayoridad sa mga pananaliksik na maaaring isagawa?

13. Ano po ang inyong mga plano upang lalong mapataas ang kalidad ng pananaliksik sa larangan ng Filipino?

Ekstensyon

14. Papayagan pa rin po ba ninyo ang paggamit ng Filipino sa pagsasagawa ng programang pang-ekstensyon ang inyong mga propesor? _____ Oo _____ Hindi Bakit?
15. Mayroon po bang insentib na pinagkakaloob para sa mga guro sa pagsasagawa ng pananaliksik at ekstensyon kahit na sa wikang Filipino nasusulat at isinasagawa ang mga ito?
_____ Oo _____ Hindi Bakit?
16. Ano pong mga programa ang inyong ipapatupad para sa mga isinasagawang ekstensyon ng mga propesor ng inyong pamantasan?
17. Para po sa inyo, sino po ang mga kinakailangang makatanggap ng mg programang ito?

Produksyon

18. Pabor po ba kayo sa pagsusulat ng mga propesor ng mga aklat para sa mga core courses gamit ang wikang Filipino? _____ Oo _____ Hindi Bakit?
19. Ipag-uutos n'yo po ba ang paglikha ng mga kagamitang pampagtuturo gaya ng mga aklat, mga lathalain, mga akdang pampanitikan at iba pa gamit ang wikang Filipino?
_____ Oo _____ Hindi Bakit?
20. Ano po ang kailangan ninyong gawin upang karamihan sa inyong mga guro ay mahikayat na gumawa ng mga kagamitan dagdag sa mga produksyon ng inyong pamantasan?

Ko-Kurikular

21. Ipagpapatuloy pa rin po ba ng pamantasan ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika?
_____ Oo _____ Hindi Bakit?
22. Papayagan n'yo po ba ang pagsusulat ng mga anunsyo, paalala, at iba pang impormasyon sa buong pamantasan gamit ang wikang Filipino? _____ Oo _____ Hindi Bakit?
23. Papayagan rin po ba ninyo ang pagsusulat ng publikasyong pangkampus ng mga estudyante gamit ang wikang Filipino? _____ Oo _____ Hindi Bakit?
24. Ipagpapatuloy pa rin po ba ang pagdaraos ng mga paligsahang pangwika gaya ng pagsulat ng sanaysay, talumpati, tula, pagkukuwento, deklamasyon at iba pa?
_____ Oo _____ Hindi Bakit?
25. Papayagan rin po ba na gamitin ang wikang Filipino sa pagdiriwang ng iba't ibang programa ng pamantasan gaya ng Foundation Day, Intramurals at Graduation Day?
_____ Oo _____ Hindi Bakit?
26. Bilang pangulo po ng pamantasan, ano-ano po ang inyong mga plano upang mapanatili at mapaunlad ang wikang Filipino?

BALANGKAS NG PAG-AARAL

Sa panahong isinagawa ang pag-aaral na ito, sa pagtungo sa labindalawang (12) pang-estadong unibersidad at kolehiyo (SUC) ng Rehiyon III, ang mananaliksik ay nagkaroon ng mga suliranin sa pangangalap ng mga datos. May mga SUC na binubuo ng iba't ibang mga kampus na nagdulot ng pagkaantala ng mga sagot kayâ kinailangan pang balikan ang mga talatanungang ipinamahagi.

Gayumpaman, naging makabuluhan pa rin ito sapagkat malaking tulong ang naging impormal na panayam habang sinasagutan ng mga guro ang talatanungan at nagsilbing oportunidad sa mananaliksik na makaharap ang mga pangulo ng mga SUC ng Rehiyon III.

Isang balangkas ang nabuo na siyang naging salalayan sa pagpapaliwanag ng mga plano ng mga administrador ng mga SUC ng Rehiyon III. Nakatuon ang nabuong balangkas sa tatlong tunguhin: **plano, programa, at proyekto** na nakapokus naman sa pitóng gawain ng mga SUC gaya ng *kaguruan, kurikulum, instruksiyon, pananaliksik, ekstensiyon, produksiyon, at ko-kurikular*. At mula rito, bibigyang pansin ang **konsultasyon at diseminasyon, implementasyon, at ebalwasyon** ng mga programa at proyektong nabuo mula sa pitóng gawain ng mga SUC ng Rehiyon III.




Figura 2 Balangkas ng Planong Pangwika ng mga SU

PAGSUSURI NG MGA DATOS

Sa pamamagitan ng masikhay na pag-aaral, mabusising pagsusuri at paglalarawan sa mga nakuhang datos, isang planong pangwika ang nabuo na tumugon sa mga suliraning kinakaharap ng mga kaguruan ng Filipino mula sa iba’t ibang pang-estadong unibersidad at kolehiyo (SUC)

ng Rehiyon III. Ang lahat ng nakalap na datos ay inilarawang mabuti na naging batayan sa pagbuo ng mga tuntunin, gawain, implementasyon, at inaasahang resulta sa mga planong pangwika na siyang nararapat na maipatupad upang maipagpatuloy ng mga guro ang pagpapanatili at pagpapalaganap ng wikang Filipino hindi lamang bilang wikang pambansa kundi wika ng karunungan.

KINALABASAN NG PAG-AARAL
Paglalarawan sa mga Kalahok

Talahanayan 2
Personal na Kakanyahan ng mga Kalahok

	Bilang	Bahagdan (%)
Kasarian		
Babae	79	68.69
Lalaki	36	31.30
Edad		
20-29	38	33.04
30-39	35	30.43
40-49	17	14.78
50- 59	15	13.04
60 pataas	10	8.69
Pinakamataas na Natamong Edukasyon		
Kolehiyo	26	22.603
Kasaluyang Nagma-masteral	32	27.82
Tapos ng Masteral	26	22.60
Kasalukuyang Nagdo-doctorate	19	16.52
Tapós ng Docrorate	12	10.43
Katayuan sa Pagtuturò		
Walang aytem	53	46.08
May aytem	62	53.91
Ranggong Pang-akademiko		
Walang ranggo	53	46.08
Instructor	12	10.43
Asst. Professor	37	32.17
Asso. Professor	10	8.69
Professor	3	2.61
Taon sa Pagtuturò		
0-2	31	26.69
3-10	30	26.08
11-20	23	20
21-30	13	11.30
Mahigit 30 taon	16	13.91

A. Batay sa kasarian. Batay sa datos na inilahad, mas malaki ang bilang ng mga babaeng naging kalahok sa pag-aaral na ito. Ito ay isang realidad at patunay lámang na talagang mas maraming kababaihan ang kumukuha ng kurso sa pagtuturò at nagpapakadalubhasa sa larangan ng komunikasyon at wika kung ikokompara sa mga kalalakihan.

B. Batay sa edad. Pinakamaraming kalahok ang nasa edad 20–29, nangangahulugang karamihan sa kanilá ay bago o di naman kayâ ay iláng taon pa lámang sa larangan ng pagtuturò. Patunay ito kung bakit karamihan sa kanilá ay kontraktuwal pa lámang o wala pang aytem. Pinakakaunti naman ang bilang ng mga kalahok na nasa edad 60–pataas sapagkat sa edad na ito ay maaari nang magretiro sa serbisyo at makatanggap ng iba’t ibang benepisyo bunga ng paglilingkod sa gobyerno.

C. Batay sa edukasyong natamo. Lumalabas na karamihan sa mga kalahok ay kasalukuyang kumukuha ng masteral na digri sapagkat ito ay pangangailangan upang makakuha ng aytem. Pangangailangan rin ito upang ang mga kalahok na may istatus na temporaryo ay maging permanente. At pagkatapos ng masteral digri, maaaring ipagpatuloy na rin ang pag-aaral ng doctoral na digri upang lalong mapataas ang kalipikasyon.

D. Batay sa katayuan sa pagtuturò. Lumalabas na mas malaki ang bilang ng mga kalahok na may aytem kompara sa walang aytem. Ngunit marami pa rin ang bilang ng mga propesor na nagtuturo ng Filipino ang apektado sa napipintong pagkakaltas ng mga empleado sa mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo dalá ng CHED Memorandum 20, s. 2013. Kapag tuluyan o kailangan nang ipatupad ang pagtuturò sa mga bágong asignatura sa wikang Filipino, maraming propesor ng Filipino ang kinakailangang magsagawa ng pag-aaral sa bágong asignatura (*re-tooling*) para maiturò ang mga ito.

F. Batay sa ranggong pang-akademiko. Pinakamataas ang bilang ng mga assistant professor sapagkat kapag mayroon nang

mga yunit o tapós na sa masteradong digri, siguradong pasók na sa aytem na assistant professor. Pinakakaunti naman ang bilang ng mga professor sapagkat masyado nang mataas ang kalipikasyong hinihingi, tulad ng dapat tapos sa doktoradong digri, mayroon ding serbisyon ekstensiyon, sangkot sa mga pananaliksik, may ginagawang proyekto bilang bahagi ng produksiyon at iba pa.

G. Batay sa taon sa pagtuturò. Marami sa mga kalahok na nasa 0–2 taon pa lámang sa pagtuturò. Itinuturing silang bago pa lamang sa serbisyo at halos nagsisimula pa lang ng kursong masteral. Kayâ, nararapat lámang na bigyan sila ng pagkakataon upang makadaló sa mga seminar-workshop upang makakuha ng sapat na kaalaman at kasanayan na magagamit sa pagtuturò ng mga asignatura sa bágong pangkalahatang edukasyon.

KAHANDAAN NG MGA PROPESOR NG FILIPINO SA PAGTUTURÒ NG MGA ASIGNATURA SA BÁGONG PANGKALAHATANG EDUKASYON

Sa implementasyon ng CHED Memorandum 20, s. 2013, lubos na naapektuhan ang mga kaguruan sa departamento ng Filipino. Naging malaking usapin kung ano ang kahihinatnan ng mga guro bunga ng nasabing kautusan. Nakasaad sa nasabing kautusan na maaaring iturò sa Filipino o Ingles ang walong (8) bágong asignatura sa pangkalahatang edukasyon. Ang mga gurong apektado ng nasabing kautusan ay maaaring magturò sa mga bagong asignatura, at ang mga propesor ng Filipino ay kabílang sa mga maaaring magturo nito. Isang mahalagang tanong ang bibigyang kasagutan sa bahaging ito, *“kung sakaling handa o hindi handa ang mga propesor ng Filipino, may mga hámon bang kahaharapin ang mga propesor sa pagtuturò ng mga asignaturang ito?”*

Matutunghayan sa talahanayan kung ang mga propesor ng Filipino ay may kahandaan sa pagtuturò ng mga asignatura sa bágong pangkalahatang edukasyon kung sakali ito ay ituturò nga sa wikang Filipino.

Talahanayan 3

Kalagayan ng mga Propesor ng Filipino sa Pagtuturò ng mga Bagong Asignatura

Mga Bágong Asignatura	Kahandaan*					Weighted Mean	Deskripsiyon
	HH	H	BH	DH	DLH		
Pang-unawa sa Sarili	36	53	22	4	0	4.05	Handa
Mga Babasahin Hinggil sa Kasaysayan ng Pilipinas	38	49	22	5	1	4.03	Handa
Ang Kasalukuyang Daigdig	24	56	29	4	2	3.83	Handa
Matematika sa Makabagong Daigdig	2	25	43	24	21	2.68	Bahagyang handa
Malayuning Komunikasyon	48	49	15	3	0	4.23	Handa
Pagpapahalaga sa Sining	31	56	19	8	1	3.94	Handa
Agham, Teknolohiya, at Lipunan	14	38	34	22	7	3.26	Bahagyang handa
Etika	34	45	23	11	2	3.85	Handa

*HH – Handang-handa; H – Handa; BH – Bahagyang Handa; DH – Di handa; DLH – Di lubos na handa

Handa ang mga propesor na iturò ang anim na asignatura (*Pang-unawa sa Sarili, Mga Babasahin Hinggil sa Kasaysayan ng Pilipinas, Ang Kasalukuyang Daigdig, Malayuning Komunikasyon, Pagpapahalaga sa Sining, at Etika*) kung sakaling ito ay ituturò sa wikang Filipino sapagkat hindi na ito bago sa kanilá dahil ang mga ito ay itinuturò sa na hay-iskul maging sa kolehiyo. Ang asignaturang *Malayuning Komunikasyon* ay nakakuha ng pinakamalaking mean (4.23), nangangahulugan lámang na bihasang-bihasa ang mga propesor sa Filipino sa larangang ito.

Batay sa naging panayam ng mananaliksik sa mga kalahok, ang mga asignaturang ito ay makakáyang maiturò sa tulong na rin ng mga seminar, pagsasanay, worksyap na kinakailangang daluhan upang magkaroon sila ng sapat na kaalaman hindi lámang ukol sa mga paksa kundi maging sa mga pamamaraan ng pagtuturò ng mga asignaturang ito.

Sa kabiláng bandá, bahagyang handa naman ang mga guro na iturò ang *Agham, Teknolohiya, at Lipunan* at ang *Matematika sa Makabagong Daigdig* sapagkat madalas itong itinuturò sa wikang Ingles at nagtataglay ang mga ito ng mga teknikal na mga terminong may kahirapang isalin. Ang kakulangan sa materyales gaya ng libro na nasusulat sa Filipino ang dahilan ng mga propesor kung kayâ hindi sila gaanong handa upang iturò ang mga ito.

Sa kabuuan, mayroon pa ring mean na 3.73 nangangahulugang handa ang mga guro sa pagtuturò sa walong (8) bágong asignatura sa pangkalahatang edukasyon at hindi nakitaan ng pagkabahala o pag-alinlangan ang mga propesor ng Filipino. Sa kabila ng pagiging handa ng mga propesor ng Filipino na iturò ang mga bágong asignaturang ito batay na rin sa resulta ng pag-aaral, may mga hámon pa ring silang kakaharapin upang maging malinaw, maayos, at may katuturang maibahagi sa kaniláng mga mag-aaral ang mga kaalaman nararapat nilang matamo sa loob ng apat na sulok ng silid-aralan.

MGA KAHARAPIN NG MGA PROPESOR SA PAGTUTURÒ NG MGA ASIGNATURA SA BAGONG PANGKALAHATANG EDUKASYON

Sa kabila ng pagiging handa ng mga propesor ng Filipino na iturò ang walong bágong asignatura sa pangkalahatang edukasyon sa wikang Filipino, mayroon pa ring mga hámon na kaniláng haharapin na tiyak na makaaapekto sa kaniláng pagtuturò. Isang mahalagang tanong din ang kailangang masagot sa bahaging ito, “mula sa mga hamong nailahad, paano makatutulong ang pagpaplanong wika sa bawat SUC ng Rehiyon 3 para sa mga propesor na apektado ng CHED Memo?”

**Talahanayan 4
Mga Hamong Kakaharapin ng mga Propesor**

Kakulangan sa mga aklat na gagamitin sa pagtuturò ng mga bagong asignatura.
Pagbuo ng mga bagong silabus para sa mga bagong asignatura.
Panibagong pag-aaral ang kakailanganin sapagkat di angkop ang natapos na espesyalisasyon.
Kakulangan ng mga kagamitang pampagtuturò na magagamit sa pagtuturò ng mga bagong asignatura.
May kahirapan sa pagsulat ng mga riserts na may kinalaman sa mga bagong asignatura.
Mahihirapang ituro ang mga bagong asignatura dahil sa walang kahandaan.
Kakulangan ng kaalaman sa mga estratehiya at teknik na gagamitin sa pagtuturò ng mga bagong asignatura.
Hindi pagpayag ng ibang departamento na ituro sa Filipino ang mga bagong asignatura

Batay sa mga kasagutan sa talatanungan, lumabas ang iba’t ibang hámong kahaharapin ng mga kaguruan ng Filipino sa pagtuturò ng mga bágong asignatura. Sa mga nabanggit na hámon, ang *kakulangan sa mga aklat na gagamitin sa pagtuturò ng mga bagong asignatura* ang itinuturing na pangunahing

hámon ng mga guro sapagkat karamihan daw sa mga ito ay sa wikang Ingles itinuturò. Ayon pa rin sa mga guro, kapag tuluyan nang ipatupad ang pagtuturò ng mga asignaturang ito sa wikang Filipino, pangunahing problema nila ay ang paghahanap ng iba’t ibang aklat na magagamit. At upang matugunan ang hámong ito, nararapat lámang na simulan na habang maaga ang pagsulat/pagbuo ng mga aklat na nakasulat sa Filipino upang may magamit sa pagtuturò.

Ang *pagbuo ng mga bagong silabus para sa mga bagong asignatura* ay isa rin sa hámon kung tutuusin sapagkat ang mga silabus ay dapat naaayon sa Outcome-Based Education (OBE). Bahagi ng pagbuo ng silabus ay ang mga reperensiya bilang mga sanggunian, kinakailangang makalikom ng mga reperensiyang nakasulat sa Filipino, kung saan ang kakulangan ng aklat ay kabilang din sa kanilang suliranin. Upang ito’y matugunan, dapat sama-sama sa pagbuo ng silabus upang mas maging mabisa ito.

Ang *kakulangan ng kaalaman sa mga estratehiya at teknik na gagamitin sa pagtuturò* ng mga bágong asignatura ay isa rin sa hámong dapat matugunan. Kinakailangang magkaroon ng mga bágong estratehiya at teknik na akma sa pagtuturò. Ang pagdalò sa mga pagsasanay at seminar ay mabisang paraan upang magkaroon ng kaalaman sa mga panibagong estratehiya o teknik. Isa pa sa itinuturing na hamon na kakaharapin ng mga guro ng Filipino ay ang *posibilidad na hindi pumayag ang ibang departamento na ituro sa Filipino ang ilang sa mga asignatura* na dati nang itinuturò sa Ingles.

Batay naman sa isinagawang panayam, kung sakaling payagan na ng mga administrador na iturò sa Filipino ang ilan sa walong asignaturang ito, maaaring maapektuhan naman ang mga gurong dati nang nagtuturò ng mga ito gaya ng pagbabawas sa kanilang regular na mga yunit.

MGA PAGPAPLANONG WIKA NG MGA PANG-ESTADONG UNIBERSIDAD AT KOLEHIYO

Lumabas na handa ang mga propesor ng Filipino sa kaniláng pagtuturò subalit may mga hámong dapat na harapin upang maging maayos ang pagsasakatuparan nito, at mula sa mga hámong nailatag, pagpaplanong wika ang nakikitang solusyon

para rito. Sa pamamagitan ng pagbuo ng mga plano, matutugunan ang isang isyung pangwika tulad ng CHED Memo 20, s. 2013. Ang mga planong nabuo sa pananaliksik na ito ay nagsisilbing pamantayan sa mga desisyon at kilos na kinakailangan sa pagkamit ng mga layunin ng mga pang-estadong unibersidad at kolehiyo ng Rehiyon III. Ang mga planong ito ay may malaking tungkulin sa pagtataguyod, pagpapayaman, at pagpapanatili ng wikang Filipino sa kabila ng dinaranas nitong suliraning pangwika.

Naging salalayan sa pagpapaliwanag ng mga plano ng mga administrador ng mga SUC ng Rehiyon III ang balangkas (Figura 2) na nabuo sa pagpapaliwanag sa bahaging ito na nakatuon plano, programa, at proyekto na nakapokus naman sa *kaguruan, kurikulum, instruksiyon, pananaliksik, ekstensiyon, produksiyon, at ko-kurikular*. Pagkatapos ay ilalahad ang hakbang sa konsultasyon at diseminasyon, implementasyon, at ebalwasyon ng mga programa at proyektong nabuo ng mga SUC ng Rehiyon III.

1. Pagpaplano

Sa pagpaplano, susuriin ang mga pangangailangan ng mga propesor ng Filipino sa mga SUC na may kaugnayan sa pitóng gawain (*kaguruan, kurikulum, instruksiyon, pananaliksik, ekstensiyon, produksiyon, at ko-kurikular*). Aalamin ang kaniláng karanasan at magiging karanasan sa implementasyon ng mga bagong asignatura sa pangkalahatang edukasyon, at magagawa ito sa pamamagitan ng pakikipagpulong sa mga propesor na lubos na apektado sa naturang CHED Memorandum. Kailangan ang malayàng talakayan sa pagitan ng mga administrador at ng mga propesor ng Filipino upang makabuo ng planong pangwika na makatutulong sa kanilá at sa magiging kalagayan ng wikang Filipino sa antas tersiyaryo. Sa pamamagitan nito, mababatid ang lahat ng mga suliranin at makagagawa ng mga patakaran sa pagbuo ng mga mahusay at mabisang programa at proyekto na makatutulong sa ikabubuti ng bubuoing planong pangwika. Bukod sa mga pangulo ng bawat SUC, maaari ring isangkot sa pagpaplano ang mga dekanos sa mga kolehiyo kung saan naroon ang mga asignatura sa pangkalahatang edukasyon. Kailangan ang suporta ng mga dekanos sa mga planong mabubuo mula sa talakayan ng mga administrador ng mga SUC. Nagiging mabisa ang isang plano kung lahat ng sangkot ay aktibo at di taliwas sa implementasyon ng mga ito. Sa pamamagitan nito, sa kabila ng pagkawala ng asignaturang Filipino sa kolehiyo, matitiyak pa rin ang kalagayan ng Filipino sa pagtuturò at pagkatuto ng mga mag-aaral.

2. Balangkas ng Planong Pangwika

Deskriptibong ilalarawan ang mga planong pangwika na nakasentro sa pitóng gawain ng mga SUC (*kaguruan, kurikulum, instruksiyon, pananaliksik, ekstensiyon, produksiyon, at ko-kurikular*) batay sa balangkas na nabuo na ipinakita sa Figura 2. Layunin ng pagpaplanong pangwika na lutasin ang mga problemang kinahaharap sa pitóng gawain ng mga propesor ng Filipino sa pamamagitan ng mga mungkahing programa at proyekto na siyang malaking salik sa ikatatagumpay ng mga plano.

Talahanayan 5

Planong Programa at Proyekto ng mga SUC

Gawain ng mga SUC	Planong Programa	Mungkahing Proyekto
Kaguruan	Retooling pagdalo sa mga seminar, training at workshop patuloy na pag-aaral sa masteral at doctorate degree K - 12 program alternatibong gawain gaya ng pananaliksik, ekstensiyon, o paggawa ng mga bagong silabus	Pagbubukas ng senior hay-iskul Papel pananaliksik Ekstensiyon ng mga propesor

Kurikulum	Rebisyon ng mga silabus Pagdaraos ng mga worksyap	Komon na silabus para sa GEC
Instruksyon	Pagtuturò sa mga bagong asignatura sa wikang Filipino Pagdalo sa mga seminar-workshop	Pagbuo ng mga diksiyonaryong Filipino sa iba't ibang disiplina Pananaliksik sa Filipino
Riserts	Pagsasalin Paggamit ng wikang Filipino bilang wika rin ng pananaliksik Pagbibigay insentibo	Mga saling kaugnay na literatura at pag-aaral Papel pananaliksik na nakasulat sa Filipino
Ekstensyon	Pagsasagawa ng mga seminar-worksyap Mga gawain tulad ng Adopt-a-barangay, pangangalaga sa kalikasan, technology and livelihood program at nutrisyon Insentibo tulad ng deloading at honoraria	Brochure, pahayagan, jornal na nakasulat sa Filipino
Produksyon	Paggamit ng wikang Filipino sa mga gawaing ekstensyon at mga serbisyong pangkomunidad Pag-aanunsiyo	Brosyur, pahayagan, jornal para sa mga nalilikhang kagamitan Reperensyang aklat para sa bagong asignatura
Ko-kurikular	Pagdiriwang ng Buwan ng Wika Pagdiriwang ng Graduation Day, Foundation Day Pagdaraos ng mga patimpalak pangwika Pakikilahok sa taunang DC-SUC CIRPS III Pagsasagawa ng mga kumperensiya, seminar-workshop at pagsasanay sa Filipino Pagsusulat ng publikasyong pangkampus	Mga orihinal na akdang pampanitikan Dagdag pondo Publikasyong pangkampus

a. Kaguruan

Retooling ang isa sa mga programang maaaring gawin upang makapagturò sa ibang disiplina. Ang pagdaló sa mga seminar, training, at workshop ay isang tulong upang maisakatuparan ito. Ang patuloy na pag-aaral sa masteral at doctorate degree ay nabanggit din upang mai-align ang kaniláng mga sarili sa mga bágong asignatura. Ang programang K-12 ng gobyerno ay isang pagkakataon upang magbukás ng Senior High School ang mga SUC at ito'y isang proyekto na makatutulong sa mga propesor na apektado sa pagbabâ ng asignaturang Filipino sa hay-iskul. Ang pagkakaroon ng mga alternatibong gawain gaya ng pananaliksik, ekstensiyon, o paggawa ng mga bágong silabus sa pangkalahatang edukasyon ay mabisa ring mungkahing gawain habang wala pang maiturò at kasalukuyan pa lang na inaayos ang mga kurikulum.

b. Kurikulum

Para sa paglinang ng kurikulum, nararapat lámang na magkaroon ng rebisyon sa mga silabus. Regular na pag-update sa nilalaman ng mga silabus ang kailangan upang magkaroon ng pagbabago, pagdaragdag ng mga kaugnay na paksa mula sa mga natutuhan sa paaralang gradwado, at mula sa mga dinadaluhang seminar-workshop, mga kumperensiya at pagsasanay. Gawin ito sa pamamagitan ng sáma-sámang paggawa ng mga propesor ng Filipino at mga propesor sa iba't ibang disiplina upang matugunan ang lahat ng mga kinakailangang pagbabago. Ang pagdaraos ng mga workshop sa buong institusyon ay isang programa para sa proyektong isang komong silabus na tugma sa singkronisasyon.

Layunin ng singkronisasyon na maiwasan ang problema sa di pagkakasundo ng bawat kolehiyo sa kung ano ang susundin/gagamitin na silabus.

c. Instruksiyon

Sumasang-ayon ang karamihan sa mga pangulo ng SUC sa panukala ng CHED na maaaring iturò sa Filipino ang mga bágong asignatura. Mainam ito upang lalong maintindihan ng mga mag-aaral ang anumang paksa at mabibigyan ng pagkakataon ang sinumang mag-aaral na ipahayag ang kaniláng mga sariling sa wikang mas naiintindihan nila. Ang programang ito ay nararapat na bigyan ng pagkakataon upang masuri kung epektibo ba ito o hindi. Sang-ayon din sila sa paggamit ng Ingles at Filipino sa mga bágong asignatura sa pangkalahatang edukasyon dahil parehong kailangan ang dalawang ito wika sa pagtuturò at pagkatuto. Mas aktibo ang mga mag-aaral sa paglahok sa mga talakayan kung wikang Filipino ang ginagamit sapagkat mas sanay sila rito. Ngunit kailangan ding sanayin ng mga mag-aaral ang kaniláng sarili sa paggamit ng wikang Ingles para maging *competitive* sa ibang pamantasan sa loob at labas ng bansa. Ang pagdalo sa mga seminar-worksyap na may kinalaman sa Filipino ay programang rin ng mga SUC para sa kaalaman ng mga bágong teknik at pamamaraan na magagamit sa pagtuturò. Ang pagbuo ng mga diksyonaryong Filipino sa iba't ibang disiplina ay isang mabisang proyekto sa pagpapaunlad ng wikang pambansa. Paunlarin ang kasanayang pangwika ng mga mag-aaral maging ang mga propesor sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga pananaliksik sa Filipino na siyang proyekto para mabatid ang kahusayan sa paggamit ng wikang pambansa.

d. Pananaliksik

Ang mga pananaliksik ay nakasulat at isinusulat sa wikang Ingles sapagkat ito ang wikang gamit sa mga *research forum*, *research colloquium* at *in-house research*. Mangilangilan lámang ang mga pag-aaral na nasa larangan ng Filipino, at ilan pa sa mga ito ay ukol sa kasaysayan at sikolohiya. Ilan lámang sa SUC ng Rehiyon III ang nag-aalok ng Filipino bílang medyor sa batsilyer at gradwadong antas, kayâ kokonti o halos walang mahagilap na mga pananaliksik na nasusulat sa Filipino. Mahirap para sa mga guro na maghanap ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral na nasusulat sa Filipino dahil sa kakulangan

ng mga pananaliksik sa Filipino. Hirap ang pananaliksik sa Filipino dahil sa mga teknikal na terminolohiya na walang katumbas o kayâ'y salin. Upang masolusyunan ang suliranin na ito, ang programang pagsasalin, maging ang pag-aaral sa bágong ortograpiya sa Filipino ang kailangan upang matugunan ang pangangailangang ito.

Malaking hámon sa mga SUC III ang paggawa ng mga pananaliksik na nasusulat sa wikang Filipino, ngunit hinihikayat pa rin ng mga pangulo ng SUC ang kaniláng mga kaguruan na magsulat din ng mga pananaliksik sa wikang Filipino lalo na sa mga paksain na kinakailangang sa Filipino nakasulat. Ang programang paggamit ng wikang Filipino bílang wika rin ng pananaliksik ay mahusay na gawain para sa intelektuwalisasyon ng wikang pambansa, at isang jornal ng mga pananaliksik na nasusulat sa Filipino ang maaaring proyekto ng naturang programa. At upang maganap ang nasabing hámon, ang programang pagbibigay insentibo sa sinumang magsasagawa ng pananaliksik ay isang motibasyon, at ang malilikhang mga papel pananaliksik ang proyektong mabubuo para rito.

e. Ekstensiyon

Sa pagbibigay impormasyon at pagtulong sa mamamayan sa labas ng unibersidad o kolehiyo, isang epektibo at mabisang tulay sa pagtulong at pagbibigay impormasyon ang paggamit ng wikang naiintindihan ng lahat. Kayâ halos lahat ng mga pangulo ng SUC III ay sang-ayon sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasagawa ng mga gawaing ekstensiyon at mga serbisyong pangkomunidad (*community services*) bílang programa ng gawaing ekstensiyon. Ang mga programang ekstensiyon na isinasagawa ng SUC ay seminar-workshop, mga pagsasanay, *adopt-a-barangay*, pangangalaga sa kaligiran, *technology and livelihood program*, nutrisyon at pagpapalaganap ng mga bágong tuklas sa larangan ng agham at teknolohiya. Ang mga gawain at programang nabanggit ay kadalasang mga magsasaka, mangingisda, mga ordinaryong mamamayan, at mga nakatirá sa mga liblib na lugar ang nakikinabang. Mas magiging epektibo ang pagtuturò ng mga gawaing makatutulong sa kaniláng pamumuhay at pagkatuto, pagtuturò ng mga bagong kaalaman sa larangan ng pagsasaka at pangingsda kung ang wikang gamit ay kanilang mauunawaan. Ang mga guro ng Filipino ay

maaaring *i-involve* ang sarili sa *science and technology* sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino. Ang pagbuo ng mga brochure na nakasulat sa Filipino ang proyektong maaaring buoin para sa *beneficiaries* ng mga gawaing ekstensiyon para mas madali at mabisa ang paghahatid ng impormasyon sa mga mamamayan ng komunidad. Malaking tulong din sa mga propesor ang mga gawaing ekstensiyon sapagkat malaking tulong ito para sa kanilang *individual promotion*. Ang pagkakaloob pa rin ng insentibo gaya ng *deloading* at *honoraria* ay isang mabisang programa na maaaring ipatupad sa lahat ng SUC.

f. Produksiyon

Suportado ng bawat administrasyon ng SUC III ang paglikha ng mga aklat para sa mga bagong asignatura dahil ang mga ito ay instrumento sa epektibong paghahatid ng kaalaman sa mga mag-aaral. Kadalasang itinuturo ang mga bagong asignatura sa Ingles kayâ ang akma lamang programang paglikha o pagsulat ng mga reperensiyang aklat para sa mga asignaturang ito, at ang mga reperensiyang aklat ang magsisilbing mga proyekto. Katulad sa ekstensiyon, lalong matagumpay ang tunguhin ng programa kung makagagawa ng mga polyeto, brochure, pahayagan, magasin, o jornal na nakasulat sa wikang Filipino bilang mga proyekto. Malaking tulong ito sa mga guro sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral at sa promosyon ng mga propesor. Samantalang dagdag pondo naman ito sa bawat pamantasan na magagamit sa pagtupad ng iba't ibang proyekto. Bukod pa sa mga aklat, ang mga bunga ng pag-aaral at bagong teknolohiya ay naihahatid nang husto sa pamamagitan ng din wikang Filipino. Epektibo rin ito sa pag-aanunsiyo sa mga produktong nagawa ng bawat SUC at sa pagpapaliwanag at panghihikayat ng mga ordinaryong mamamayan na tangkilikin ito.

g. Ko-kurikular

Bahagi pa rin ng planong pangwika ng mga SUC ang pagpapatuloy ng mga programa gaya ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Isinasagawa ang pagdiriwang na ito sa lahat ng antas ng edukasyon upang maikintal sa isipan at puso ng bawat mag-aaral hindi lamang ang kasaysayan ng pagkakaroon ng wikang pambansa ang Pilipinas higit lalo ang halaga ng pagkakaroon nito. Ang mga patimpalak

pangwika ay nagbibigay ng buhay sa mga ko-kurikular na gawain at nagpapaunlad sa sosyokultural ng mga mag-aaral gaya ng pagsulat ng sanaysay, talumpati, dagliang pagtalakay, pagkukuwento, deklamasyon, isahang tinig, at iba pa ay ipagpapatuloy pa rin bilang isa pang programa. Sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga gawaing panitikan at kultura, nasasalamín ang mayamang wika at kultura ng mga Pilipino. Ang mga mabubuong orihinal na akdang pampanitikan ay magsisilbing proyekto ng mag-aaral sa bawat SUC. Sinusuportahan ng mga administrador ng SUC ang mga gawaing ganito bilang paghahanda sa taon-taóng pagdaraos ng **Development Council of State Universities and Colleges in Region III at Center for Inter-institutional Research and Policy Studies (DC-SUC III / CIRPS)**. Gawain na ng ilang pamantasan ang pagbibigay ng insentibo sa mga mag-aaral na sumasali sa mga patimpalak pangwika bilang paraan ng paghimok sa mga mag-aaral na sumali. Maging ang pagsusulat ng mga mag-aaral sa mga publikasyong pangkampus gamit ang wikang Filipino ay suportado rin ng mga pangulo. Ang mga publikasyong pangkampus ng bawat pang-estadong unibersidad at kolehiyo ng Rehiyon III ay gumagamit ng dalawang wika, Ingles at Filipino. Ang mahalaga sa pagsusulat ay naipapahayag nila ang kanilang isipan at damdamin, ang kanilang opinyon at pananaw sa mga isyung kanilang kinasasangkutan, direkta man o hindi. May pagkakataon din, lalo kung kinakailangan, isinasagawa ang *Foundation Day*, *Intramurals* at maging *Graduation Day* na ginagamit ang wikang Filipino.

3. Konsultasyon at Diseminasyon

Ang pagkakaroon ng konsultasyon mula sa pangulo ng mga SUC, mga dekanato at mga propesor ng Filipino ay kinakailangan upang ang anumang plano, programa at proyekto ay mapag-aralan, masuri, at maláman kung kapaki-pakinabang at makatutulong sa pagpapaunlad ng wikang Filipino bilang wika ng pagtuturo at pagkatuto. Sa pamamagitan nito, matutukoy ang mga suliranin at mungkahi para sa pagtatagumpay ng mga nabuong plano, programa at proyekto. Mahalagang salik ito ang pagpapalano mula sa mga taóng sangkot sa pagpapatupad at pagsasakatuparan ng mga ito. Pagkatapos ng konsultasyon, isusunod na ang diseminasyon sa mga plano, programa

at proyekto na kinakailangang malinaw, tumpak at kompleto upang maging ganap ang implementasyon ng mga ito.

4. Implementasyon

Ang implementasyon ng mga plano, programa, at proyekto ay bigyang-pansin dahil walang tiyak na kaganapan ng mga plano at programa kung hindi ito maisasagawa nang maayos. Sa implementasyon nito, sapat na pondo ang kakailanganin upang maisakatuparan ito nang maayos, at ang suporta mula sa mga administrador ng bawat SUC ang kailangan para matulungan ang mga propesor ng Filipino na lubos na naapektuhan sa pagbabago sa kalagayan ng asignaturang Filipino sa kolehiyo. Ang kaniláng suporta ay masusumpungan sa kaniláng pag-aproba sa mga gawain at pagbibigay ng pondo. Kapag ang mga propesor ng Filipino ay nagnanais magsagawa ng pananaliksik sa Filipino, maglabas ng journal sa Filipino, magsagawa ng mga patimpalak pangwika, magdaos ng mga seminar sa wikang Filipino, mabilis lang ang pagbibigay ng pondo dahil nagkaroon na ng konsultasyon, ang kailangan na lang ay pagsubaybay sa implementasyon ng mga programa upang masiguro na mabuo ang mga proyekto sa bawat programa.

5. Ebalwasyon

Ang ebalwasyon sa mga programang pangwika ay mahalagang maganap upang maláman kung naisasakatuparan ang mga plano ng mga pangulo ng SUC para sa mga propesor ng Filipino at sa kalagayan ng wikang Filipino, kung epektibo ba ang mga programa o hindi, at kung nakatutulong ba ang mga proyekto o hindi. Ang resulta ng ebalwasyon ang magsasabi kung anong mga programa ang lalong dapat paigtingin, palakasin at pagyamanin at kung ano ang mga programa ang nangangailangan ng mulíng pagpaplanong at pagsasaayos. Layunin ng ebalwasyon sa mga programa at proyekto na alamin ang halaga ng pagpaplanong wika ng mga pangulo ng SUC para sa mga propesor ng Filipino at sa kalagayan ng wikang Filipino bílang wika ng pagtuturò at pagkatuto.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Kinakailangan pa rin ng mga kaguruan ng Filipino ang patuloy na pag-aaral sa mas mataas na digri nang sa gayon ay makasabay sa mga pagbabágong nagaganap sa larangan ng kurikulum. Ang mga pagbabago gaya ng implementasyon ng CHED Memo No. 20, series 2013 ay isang hakbang ng Lalong Mataas na Edukasyon upang mapabuti ang edukasyon at kinakailangan na sumunod ang mga pamantasan at kolehiyo hindi lámang sa Rehiyon III kundi sa buong bansa.

Nagpakita man ng kahandaan ang mga propesor ng Filipino sa pagtuturò sa mga bágong asignatura sa pangkalahatang edukasyon ay may mga hámon pa ring kailangang harapin. Ang mga hámong ito ay kinakailangang mabigyan ng agarang solusyon upang maipagpatuloy ng mga guro ang responsabilidad sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Kinakailangan ng mga pagsasanay, seminar-workshop na malaking tulong sa pagbuo ng iba't ibang teknik, estratehiya, at pamamaraan sa pagtuturò ng mga bágong asignatura.

Ang mga planong pangwika ng mga pangulo ng SUC III ay malaking tulong upang mapanatiling maunlad ang wikang Filipino. Ang pagbibigay-diin sa mga plano, programa, at proyekto sa pitong gawain ay isang malaking hakbang para sa kapakanan ng mga gurong lubos na apektado ng naturang memorandum. Sa pamamagitan ng konsultasyon at diseminasyon, implementasyon, at ebalwasyon sa mga plano, programa, at proyekto, mapagtibay ang pagpapahalaga sa wikang Filipino ng mga kaguruan ng Filipino maging mga administrador ng bawat SUC.

Maaaring magsagawa pa ng mga pag-aaral sa ibang rehiyon upang magkaroon ng kaalaman sa mga planong pangwika na kaniláng ipinapatupad. Ang mga ito ay maaaring makatulong sa pagsasaayos at pagpapabuti tungo sa pagtatagumpay ng mga planong pangwika ng iba't ibang pamantasan at kolehiyo hindi lang sa Rehiyon III kundi sa buong bansa. ♦

MGA SANGGUNIAN

- Almario, V. S. (2015). *Pagpaplanong Wika at Filipino*. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.
- Austero, C. S. et.al (2013). *Pagbasa at Pagsulat sa Iba't Ibang Disiplina*. Makati City: Gold Publishing Palace.
- Awafola, A. (2012). "An Analysis of the New 9 year Basic Education Curriculum of Nigeria." University of Nigeria.
- Badayos, P. B. (2013). *Metodolohiya sa Pagtuturò at Pagkatuto ng Filipino: Mga Teorya, Simulain at Istratehiya*. Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.
- Baquiran, D. A. (2010). "Ebalwasyon ng Pampagtuturòng Programa ng General Education sa Filipino ng Technological University of the Philippines (TUP): Basehan sa Pagpapaunlad ng Kurikulum." Philippine Normal University.
- Bulan, E. E. (2011). "Pagtataya ng Senaryo para sa Pinayamang Panuntunan sa Pagtuturò ng Filipino sa Kolehiyo." Arellano University.
- Calmorin, L. P. (1994). *Educational Research, Measurement and Evaluation*, second edition. Manila: National Bookstore.
- Constantino, P. C. (2010). *Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Ikalawang Sourcebook ng Sangfil*. Lungsod ng Quezon: UP Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman.
- Cooper, J. (2010). *Language Problems, language planning and language policy*. Western Washington University.
- Earl, R. S. (2010). "The use of instructional design skills in the mental and written processes of Teachers." Papel na iniharap sa Conventional of the Association for Educational Communications and Technology, Iowa.
- Fishman, J. A. (1974). *Advances in Language Planning*. The Netherlands: Mouton & Co. N.V.
- Ganotice, D. D. (2015). "Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturò at Pagkatuto ng mga Mag-aaral Tungo sa Pagpapaunlad ng Wikang Filipino." Dibisyon ng Lungsod ng Tabuk.
- Liwanag, L. B. (2010). "Ang Mahalagang Papel ng Pamantasang Normal ng Pilipinas sa Paghahanda ng mga Guro sa Edukasyong Multilinggwal." Isang papel na inihanda para sa internasyonal na kumperensiya sa MLE.
- Manzano, D. L. (2012). "Ang Programang Filipino ng mga Pang-estadong Unibersidad at Kolehiyo sa Rehiyon III: Batayang Pag-aaral tungo sa isang Akademikong Modelong Pangwika." Tarlac State University.
- Montera, G. G. (2010). "Pagtataya sa mga Saloobin ng mga Instructor at Mag-aaral na Cebuano sa Epekto ng Pagtuturò ng Wikang Filipino sa Unibersidad ng San Carlos, Cebu City." Manuel Luiz Quezon University.
- Tarun, J. Z. (2010). "Implementasyon ng CHED Memo Order № 59 s. 1996 sa mga Programa ng Filipino ng SUCs sa Rehiyon 2." Isabela State University.
- Zafra, G. S. (2015). *Adyenda sa Saliksik Wika. Ulat ng Kumperensiya*. Sentro ng Wikang Filipino. UP Diliman.



Si RAFFY AGANON ay Associate Professor 3 at kasalukuyang Tagapangulo ng Departamento ng Pangkalahatang Edukasyon ng Kolehiyo ng Sining at Agham Panlipunan ng Tarlac State University. Nagtapos ng Doctor of Philosophy in Filipino sa Manuel L. Quezon University (MLQU); Master sa Edukasyon medyor sa Filipino sa Pangasinan State University (PSU); at Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon medyor sa Filipino sa Central Luzon State University (CLSU). Ilan sa mga nailathala niyang aklat para sa mga mag-aaral sa Mataas na Edukasyon ay pinamagatang *Sining ng Komunikasyong Pang-akademiko at Komunikasyong Pang-akademiko sa Filipino, Filipino sa Iba't Ibang Disiplina na inilimbag ng St. Andrew Publishing House; at Filipino sa Iba't Ibang Disiplina na inilimbag naman ng AIMS Publication*.

Bukod sa pagtuturò ng Filipino sa kolehiyo, siya rin ay nagtuturò sa paaralang gradwado ng TSU. Nagsusulat din siya ng mga piyesa sa tula, talumpati at sabayang bigkas. Naging tagapayo ng College Student Council (CSC) ng Kolehiyo ng Sining at Agham Panlipunan (CASS) sa loob ng tatlong taon (2016–2019). Nagkaroon na ng pananaliksik mula sa proyekto ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 2018.